

1

Napakalakas ng buhos ng ulan sa labas, waring nakikisimpatya ang panahon sa katatapos lang na malungkot na okasyon. Nasa loob ng malaking bahay ng mga Daza si Spencer, kasama niya roon ang ama, pati na rin ang nag-iisang anak ng namayapang si Enrique Daza, ang binatilyong si Nathan.

Enrique was her godfather. Matalik itong kaibigan ng kanyang ama, si Leonardo. Naging magkaklase ang mga ito noong kolehiyo at simula noon ay naging mabuting magkaibigan na ang dalawa. Nang makapag-asawa ang kanyang ama ay napagpasyahan nitong tumira na lang sa General Santos kasama ang kanyang ina. Tagaroon ang pamilya ng ama niya.

Pero kahit na magkalayo na ang ama at ang kanyang ninong, nagkikita pa rin ang mga ito. Hindi na nga lang ganoon kadalas, pero nananatili pa rin ang koneksyon sa pagitan ng dalawa. Kaya naman sobrang naging malapit talaga ang mga pamilya nila.

Malaki ang pasasalamat niya sa kanyang ninong. Noong tinatapos niya ang kanyang Law degree sa isang universidad sa Maynila, tumuloy siya sa bahay ng mga ito. At sa panahon ng pagtira niya roon,

ni minsan, hindi niya naramdaman na hindi siya welcome.

Parang pangalawang ama na rin ang turing niya sa ninong. Kaya naman labis na kalungkutan ang kanyang nadama nang malaman niyang pumanaw na ito. Tatlong taon na rin itong nakikipaglaban sa sakit na colon cancer at nito nga lang isang linggo ay tuluyan nang nagwakas ang pakikipaglaban nito. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala na wala na ito. Dalawang araw kasi bago ito pumanaw ay nakausap pa niya ang matanda. Punung-puno ito ng buhay, hindi man lang ito nagpakita ng senyales na mayroon itong dinaramdam.

Nang malaman ng mga magulang niya ang nangyari, kaagad na pumunta ang kanyang ama sa Maynila. Labis itong nalungkot sa pagkamatay ng kaibigan. Hindi na nakasama ang kanyang ina dahil kailangan nitong alagaan ang nakababata niyang mga kapatid. Silang dalawa na lang ng kanyang ama ang nag-asikaso ng lamay at burol ng kanyang ninong. Hindi naman kasi puwedeng si Nathan ang mag-asikaso. Bukod sa labing-limang taong gulang pa lang ito, masyado pang sariwa rito ang pagkamatay ng sariling ama. At isa pa, wala ring ibang kamag-anak ang mga ito na puwedeng mag-asikaso.

Nasa living room sila ng bahay at hinihintay ang pagdating ng abogado ng pamilya Daza. Babasahin nito ang last will and testament ni Enrique at kabilin-bilinan nito na dapat nandoon sila ng kanyang ama habang binabasa iyon.

Sinulyapan niya ang kanina pa tahimik na si Nathan. Alam niyang mahirap ang pinagdadaanan nito. Pitong taong gulang pa lang si Nathan nang mamatay ang ina nito dahil sa isang aksidente, pagkatapos ngayon ang ama naman nito ang binawi rito. Kahit paano ay gusto niyang pagaanin ang loob ng kinakapatid. Pero alam niyang walang kahit na anong salitang maaaring makapagpalubag sa nararamdaman nito ngayon.

Lumapit siya sa binatilyo at umupo sa tabi nito. “Gusto mo ba ng hot chocolate?”

“Oo nga, Nathan. Sa pagkakatanda ko paborito mo ’yon, di ba?” anang tatay niya.

“I don’t want anything,” tugon ni Nathan na hindi inaalis ang tingin sa carpet.

Isang tingin na lang na puno ng pang-unawa ang ibinigay rito ng kanyang ama. Alam niyang gustung-gusto nitong tulungan si Nathan para makapagpatuloy ito sa buhay. Maging siya man,

gusto rin itong tulungan. Pero kung hindi naman tutulungan ng nakababatang lalaki ang sarili, wala ring mangyayari.

Ilang sandali pa ay dumating na si Atty. Roberto Mendoza. Tinipon sila nito sa study room.

“Sisimulan ko na ang pagbabasa ng last will and testament ni Mr. Enrique Daza,” paunang saad ng abogado. Kinuha nito mula sa briefcase nito ang ilang mga papeles at sinimulan na nito ang pagbabasa. “Iniiwan ko ang lahat ng aking ari-arian sa nag-iisa kong anak na si Nathaniel James Daza. Kasama na roon ang...” Inisa-isa nito ang lahat ng properties at real estate na mamamahin ni Nathan. Muntik nang manlaki ang mga mata ni Spencer sa rami ng mga iyon. “Makukuha ng aking anak ang lahat ng ito sa oras na makatapos siya ng pag-aaral. At habang hindi pa dumadating ang panahon na iyon, itinatalaga ko ang aking nakababatang kapatid na si Marcus Daza para maging guardian ni Nathan—”

“Teka, what do you mean by that?” putol ni Nathan sa sinasabi ng abogado. “I don’t have any uncle! Walang kapatid si Papa.” Tumingin ito sa kanyang ama. “Right, Tito Leo?”

Maging siya ay nagulat din dahil sa narinig mula kay Atty. Mendoza. Sa pagkakaalam niya kasi ay nag-

iisang anak lang ang kanyang ninong. Napatingin na rin siya sa ama, hinihintay ang magiging sagot nito.

“Well, your father did mention once na meron siyang kapatid. Pero hindi namin masyadong napag-usapan ang tungkol sa kanya, kaya hindi ko rin masasabi ang buong detalye sa 'yo.”

“How come my father never told me about this?” hindi pa rin makapaniwalang usisa ni Nathan.

“Bakit hindi na lang muna natin patapusin si Attorney sa pagbabasa ng will?” suhestiyon ni Leonardo, sabay baling sa abogado. “Please do continue, Attorney.”

“Okay.” At nagpatuloy na ito sa pagbabasa, “...at siya rin ang inaasahan ko na mangangalaga sa lahat ng mamamahin ng aking anak hanggang makatapos si Nathan ng pag-aaral. At kung hindi agad makakabalik ng Pilipinas si Marcus, ibinibigay ko sa pamilya ng aking matalik na kaibigan na si Leonardo Hernandez ang karapatan na maging temporary guardian ng aking anak na si Nathan.” Ibinalik na nito ang papeles sa briefcase. “Yon lang po ang kabuuan ng last will ni Mr. Daza. Meron po ba kayong tanong?”

“Yes, I have a lot of questions,” ani Nathan. “Hindi ako papayag na maging guardian ko ang isang tao na

hindi ko naman kilala. At saka kung kapatid talaga siya ni Papa, bakit hindi man lang siya nagpakita sa libing o kahit man lang sa lamay? Anong klase siyang kapatid? And most of all, where was he all these years? Bakit hindi ko man lang siya nakilala?”

“Nathan, Hijo, just calm down,” saway ng kanyang ama.

May punto naman ang binatilyo sa mga sinasabi nito. Pero hindi magiging maganda kung ngayon pa lang ay magagalit na kaagad ito sa taong magiging guardian nito. “By any chance, posible bang hindi alam ng Marcus na ito ang nangyari kay Ninong, kaya hindi siya nakapunta sa libing niya?”

“Oo, posible talaga ’yon. Ayon kasi kay Mr. Daza, mahilig mag-travel ang kapatid niyang ito. Matagal na rin n’ung huli silang magkausap, kaya ang naibigay lang sa ’kin na contact information ni Mr. Daza ay ’yung telephone number ni Marcus sa Los Angeles. Sinubukan ko na siyang kontakin for the past week, pero answering machine lang lagi ang sumasagot. Kaya nag-iwan na lang ako ng mensahe in case na umuwi siya.”

“You heard that, Nathan? Baka hindi lang alam ng tito mo ang nangyari kay Ninong, kaya hindi pa siya nakakabalik dito. Kaya sana naman, ’wag mo

muna siyang husgahan,” pahayag ni Spencer sa binatilyo.

“Wala akong pakialam. The fact still remains na hindi ko pa rin siya kilala.” Pagkasabi niyon ay padabog itong lumabas sa study.

“Nathan, Hijo—”

“Wag mo na siyang sundan, Pa,” aniya nang makitang susundan ng ama ang binatilyo. “Lalo lang siyang magwawala kapag pinilit n’yo siya.”

Napabuntong-hininga na lang ito. “Kung gan’on, habang hindi pa dumadating ang kapatid ni Rick, kami muna ang mag-aalaga kay Nathan. Mukhang hindi pa ako makakabalik agad sa Gen San.”

“No, Pa, I think mas makakabuti kung babalik ka na lang sa Gen San. Hindi n’yo naman p’wedeng hayaan si Mama na asikasuhin mag-isa ’yung business natin d’on. Paano kung sobrang tagal pa bago makabalik ang Marcus na ’yon dito sa Pilipinas? Eh, di dito lang din kayo, gan’on?” sabi niya. “Don’t worry, ako na’ng bahala kay Nathan. Hindi ko siya pababayaang.”

Bumaling siya sa abogado. “Okay lang naman kung ako ang maging temporary guardian niya, di ba, Atty. Mendoza? Since ayon naman sa will ni Ninong in

case na hindi makabalik agad dito ang kapatid niya, ang magiging temporary guardian ni Nathan ay ang pamilya namin. At hindi naman specifically sinabi d'on na dapat ang mga magulang ko ang mag-alaga sa kanya. Tama ba?"

"Yes, I don't think it would be a problem kung ikaw ang magiging temporary guardian niya," sagot ni Atty. Mendoza.

"Are you sure about this, Spencer? Alam ko kung gaano ka ka-busy. May time ka pa ba to look after Nathan?" parang diskumpiyadong tanong ni Leonardo sa kanya.

Yes. She *was* busy. Pero hindi naman niya maaaring ipatong sa mga magulang niya ang responsibilidad kay Nathan. Masyado nang maraming inaasikaso ang mga ito para idagdag pa ang binatilyo.

"You don't have to worry about that, Pa. Alam n'yo naman kung gaano ako kagaling sa time management. At isa pa, mas maha-handle ko si Nathan kesa sa inyo. So just trust me on this."

Mas kabisado ni Spencer ang temperament ni Nathan at base sa nakikita niya ngayon, tiyak na matatagalan pa bago ito kumalma. Handa naman siyang tulungan ito sa abot ng kanyang makakaya.

Sana lang kapag dumating na ang Marcus na iyon, magawa itong tanggapin ng binatilyo.

Tatlong buwan na ang nakalilipas matapos basahin ni Atty. Mendoza ang last will and testament ng kanyang Ninong Rick. Simula noon ay pansamantala munang tumira si Spencer sa bahay ng mga Daza para mabantayan si Nathan. Noong mga unang linggo ay hindi man lang siya kinikibo ng binatilyo. Pero hindi naman nagtagal at nagsimula na ulit itong kausapin siya nang normal.

Maliban sa paminsan-minsan nitong pagiging bugnutin, wala siyang nakikitang kakaiba sa mga ikinikilos nito. Pero sa kabila niyon, hindi pa rin niya mapigilang mag-alala. Simula kasi nang mamatay ang ama nito kahit minsan ay hindi pa niya ito nakitang umiyak. Sa tingin niya, hindi nito tuluyang matatanggap ang pagkamatay ng ama kung hindi nito mailalabas ang kalungkutang nadarama.

Ang isa pang pinoproblema niya ay hanggang ngayon hindi pa rin dumadating ang supposed-to-be guardian ni Nathan, ang tiyo nito na si Marcus Daza. Hiningi niya ang telephone number nito kay Atty. Mendoza, pero sa araw-araw na ginawa niyang pagtawag dito, laging answering machine lang ang

sumasagot.

Akala nga niya ay aabutin pa nang ilang buwan bago nito matanggap ang mensahe ni Atty. Mendoza. Pero noong isang araw lang ay tumawag sa kanya ang abogado at sinabi sa kanya na kinontak na ito ni Marcus. Babalik na raw ito ng Pilipinas.

Kung hindi siguro nito tinawagan si Atty. Mendoza, baka inisip na niya na patay na ito. Wala naman kasing nakakaalam sa whereabouts ng lalaki. Ayon sa tatay niya, matagal na raw itong walang komunikasyon sa ninong niya. Napag-alaman din niya na anak pala ito sa labas ng lolo ni Nathan. Sinabi pa ni Leonardo na ilang beses nang hinikayat ng kanyang ninong na rito na lang sa Pilipinas manirahan ang nakababatang kapatid, pero lagi itong tumatanggi. Hanggang sa napagod na rin si Rick at hinayaan na lang ito.

Apparently, this Marcus guy didn't want to have anything to do with her godfather's family. May galit siguro ito sa legal na pamilya ng ama nito. Typical. Kaya hindi niya talaga maintindihan kung bakit ito ang pinili ng ninong niya para maging guardian ni Nathan. Oo, maaari ngang magkapatid ang mga ito, pero para sa kanya they're not really brothers in the true sense of it.

Pero wala na rin siyang magagawa pa para mabago pa ang desisyon ng ninong. Ang tanging magagawa niya ay siguruhing gagawin ng Marcus na ito nang maayos ang tungkulin bilang guardian ng pamangkin nito.

Kasalukuyan niyang pinag-aaralan ang ilang mga kasong hawak niya. Isa siyang public attorney. Medyo malaki nga ang naging epekto ng pagiging temporary guardian niya kay Nathan sa trabaho niya. Masyado kasing malayo ang bahay ng mga Daza sa *Public Attorney's Office*, kaya tuloy madalas siyang nale-late dahil sa traffic. At ang mga oras na dapat ay ginugugol niya sa pagre-review ng mga kasong hawak niya ay nauubos sa pagbabantay kay Nathan at pagsisiguro na hindi ito napasok sa kahit na anong gulo.

Habang nagbabasa ng files ay napansin niya na may isang dokumento ang nawawala. At naisip niya na baka naiwan niya ito sa loob ng kanyang kotse. Dali-dali siyang lumabas. Dahil sa sobrang pagmamadali, hindi na niya napansin ang isang lalaking naglalakad papunta sa direksyon niya.

At kagaya ng inaasahan, nagkabunguan sila. Dahil di-hamak na mas malaki ito sa kanya, mabilis siyang natumba. Pero bago sumayad ang puwitan niya sa semento, a pair of strong arms caught her

waist. Tiningnan niya ang lalaking nakabunguan. The first thing she saw were the sight of those tawny brown eyes and immediately took her breath away.

“Hey, watch it!” anito sa baritonong tinig. Nakahawak pa rin ang mga braso nito sa baywang niya at parang libu-libong boltahe ng kuryente ang dumaloy sa kabuuan niya dahil sa pagkakadikit ng mga katawan nila. Then he smirked. “Don’t tell me this is your way para makuha ang atensyon ko? Because you certainly did a good job.”

Ano daw?Aba’t ang kapal din naman pala ng lalaking ’to! Mabilis siyang lumayo rito. She found it hard to regain her composure especially when she finally had a good look at the man standing in front of her. Matangkad ito, almost six feet. He was wearing a baggy sweatshirt held up by a pair of broad shoulders and faded jeans that fit well over his long legs and narrow hips.

Magulo ang buhok nito na para bang hindi man lang pinagkaabalahang suklayin. He had a night’s worth of stubbles on his face na lalo lang nakadagdag sa nag-uumapaw nitong sex appeal. Bumagay rin ang matangos nitong ilong sa mataas nitong cheekbones.

Sa madaling salita, he was the perfect depiction of what someone would call tall, dark and handsome.

Kaagad niyang pinagalitan ang sarili. *Ano ka ba, Spencer? Parang ngayon ka lang nakakita ng guwapo, ah. Get a hold of yourself!* Tiningnan niya nang derecho ang estranghero. “Sorry to disappoint you, pero aksidente ang nangyari. Now if you want me to apologize for bumping into you, then fine, I’m sorry.”

“Too bad.” Isang mapaglarong ngiti ang sumilay sa mga labi nito. “Because I’m more than willing to give you all the attention that you want.”

Para namang tumalon ang puso niya sa kanyang lalamunan at naramdaman na lang niya ang pamumula ng kanyang mga pisngi. *Is he flirting with me?*

“Atty. Hernandez, may problema po ba?” tanong ng security guard na nakatayo malapit sa kanila.

“Ah, wala po, Mang Isko,” tugon niya rito, sabay baling sa lalaking nakabunguan. “If you’ll excuse me.” Lalampasan na sana niya ito nang bigla na lang nitong hawakan ang braso niya. Kaagad siyang napatingin dito. “What?”

“Are you Spencer Hernandez?” tanong nito. Wala na ang mapaglarong ngiti sa mga labi nito at napalitan na iyon ng isang seryosong ekspresyon.

Nagulat naman siya dahil sa pagbanggit nito sa

You're All I Need - Sansa Esguerra

pangalan niya. “Oo ako nga ’yon. And?” Pero mas ikinagulat niya ang sunod nitong sinabi.

“I’m Marcus Daza. I came here to talk about Nathaniel.”

2

Matapos ang isang buwang pananatili ni Marcus sa Prague, Czech Republic, he decided he needed a change of scenery. Nagsasawa na rin kasi siya sa malamig na klima ng bansa. Naisip niyang sa isang tropical country naman siya susunod na pupunta. Ganoon siya, kapag nagsawa sa isang lugar, lilipat sa iba.

Pumunta siya sa Jamaica, plano sana niyang manatili lang doon nang ilang linggo, but two weeks after he arrived there, an unexpected accident happened. Kinailangan niyang maospital nang higit isang buwan dahil sa mga sugat at pinsalang natamo niya.

Dahil sa aksidenteng iyon, may isang importanteng bagay siyang napagtanto. He realized how lonely he was. Nang tanungin siya ng doktor kung sino ang puwede nilang kontakin para ipaalam ang nangyari sa kanya, wala man lang siyang maisagot dito. Sino nga ba ang maaari niyang tawagan? Who would've cared enough para puntahan siya sa isang malayong lugar at alagaan siya? No one. Except maybe his brother who he hadn't seen and contacted for years.

Oo, mayroon nga siyang mga kaibigan, but none of them were close enough to stay by his bedside. Wala kahit isa. At alam niya kung bakit. Because he always pushed people away from him. And now he had exactly what he'd always thought he'd wanted—no one. No emotional ties. He succeeded at keeping everyone who ever might gotten close at an impossible distance.

For the first time in years, he wished he hadn't. Kailangan pa niyang malagay sa bingit ng kamatayan para lang maisip niya ang mga pagkakamaling nagawa.

Kaya napagdesisyunan niya na sa oras na makalabas siya ng ospital, babalik siya ng Los Angeles and the first thing he would do was to contact his brother.

Nang ma-discharge siya sa ospital, kaagad niyang inasikaso ang pagbabalik sa LA. Matagal na rin siyang hindi nakakabalik sa sariling bahay. Pagdating niya roon, ang una niyang ginawa ay hanapin ang contact information na ibinigay ng kuya niya sa kanya noong huli silang nagkita. Pagkahanap niya sa maliit na papel kung saan nakasulat ang numero ng kapatid, tatawagan na sana niya ito nang mapansin niya na mayroong ilang mensahe sa telepono. Kaagad niya

iyong pinakinggan.

At noon niya nalaman ang masaklap na balita tungkol sa kapatid niya.

Wala na si Rick.

Napaupo si Marcus. Then he cried. Dahil sa frustration, sa galit, sa kalungkutan at sa panghihinayang. Grabe ngang magbiro ang tadhana. Kung kailan handa na siyang maging parte ng buhay ng kapatid ay saka naman ito nangyari.

Bata pa lang siya ay alam na niya na mayroon siyang nakatatandang kapatid. But because his mother was his father's mistress, hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na makilala ang kuya. Sampung taong gulang pa lang kasi siya ay nagdesisyon ang tatay niya na ipadala silang mag-ina sa Amerika. Nakakahalata na kasi ang asawa nito. At doon na nga siya lumaki sa LA.

Once every month, dinadalaw sila ng ama niya. Sobrang mahal ng ina niya ang kanyang ama. Kaya kahit na mali ang relasyon ng mga ito, hindi pa rin magawang iwan ng nanay niya ang tatay niya. Nakikita naman niya na mahal din ng kanyang ama ang ina. Iyon nga lang, hindi sapat ang pagmamahal na iyon para makipaghiwalay ito sa asawa nito.

You're All I Need - Sansa Esguerra

He was eighteen when his father died because of an accident. Pumunta silang mag-ina sa libing nito, pero hindi man lang sila nabigyan ng pagkakataon na masilip ito bago ito inilagak sa huling hantungan. Matapos ang libing, nilapitan sila ng kanyang Kuya Rick. Matagal na pala nitong alam ang tungkol sa kanila. Akala niya ay magagalit ito at susumbatan sila, pero sa huli ay maayos itong nagpakilala at sinabing tanggap siya nito bilang kapatid kahit na magkaiba pa sila ng ina. Hindi niya talaga inaasahan iyon.

Pagbalik nilang mag-ina sa LA, hindi na naging kagaya ng dati ang lahat. Nagpakalunod ang nanay niya sa depression until she drove herself to her own death. He was devastated after that. Hindi niya malaman kung ano ang dapat gawin.

Nang malaman ng kuya niya ang nangyari, pinuntahan siya nito sa LA at hinikayat na sumama na rito pabalik sa Pilipinas. Tinanggihan niya ang alok nito. Ilang beses ding sinubukan ni Rick na baguhin ang kanyang isip, pero patuloy lang niya itong ipinagtabuyan. And that was when he started to travel.

At ngayon nga, huli na ang lahat. Hindi na siya mabibigyan pa ng pagkakataon na makasama ito.

Tinawagan niya ang abogado ng kapatid na

siyang nag-iwan ng mensahe sa kanya. Sinabi nito na siya ang itinalaga ni Rick para maging guardian ng nag-iisang anak nitong si Nathaniel.

Kaagad niyang pinlano ang pagbabalik sa Pilipinas. And this time he would stay for good. Kung hindi man siya nabigyan ng pagkakataon na makabawi sa kapatid, babawi na lang siya sa anak nito. He would try his best to be a good guardian to his brother's son.

The next day, he chose the earliest flight to Manila. Isang araw rin siyang nagbiyahe. Pagdating niya sa *NAIA*, sinundo siya roon ni Atty. Mendoza. The lawyer was kind enough para sunduin siya at ihatid sa bahay ng mga Daza.

“Salamat nga pala, Attorney, for picking me up. Alam kong busy ka, pero nag-abala ka pa rin na sunduin ako dito,” aniya. Nakasakay na sila ng kotse nito at kasalukuyan nang nagbibiyahe.

“It’s nothing. Katatapos lang n’ung isa kong kaso at wala din naman akong pending cases na dapat asikasuhin, so I’m not really that busy. And besides, I’m your brother’s legal counsel and also his friend, it’s the least thing I could do.”

“Regardless, salamat pa rin. So, sino nga pala’ng nag-aalaga kay Nathaniel after Kuya’s death?” pagbabago niya sa usapan.

“Ah, si Spencer. Inaanak siya ng kuya mo. At dahil nga sa ngayon ka lang nakabalik ng Pilipinas, siya muna ang naging pansamantalang guardian ni Nathan.”

“I see.”

Pagdating nila sa bahay ng mga Daza, ipinakilala siya kaagad ni Atty. Mendoza sa mga kasambahay na nandoon. Kinuha ng mga ito ang gamit niya at dinala sa isa sa mga bakanteng kuwarto.

“Before I leave, may gusto lang sana akong i-suggest sa ’yo,” anang abogado.

“Ano ’yon?”

“Bago kayo magkita ni Nathan, sana makausap mo muna si Spencer. Para naman meron kang kaunting background d’on sa bata.”

“I’ll do that.”

“Magpahatid ka na lang kay Mang Doro sa pinagtatrabahuhan ni Spencer,” sabi nito na ang tinutukoy ay ang driver.

Matapos makipagkamay sa kanya ay nagpaalam na ito. Kagaya ng sinabi ng abogado, nagpahatid siya kay Mang Doro sa pinagtatrabahuhan ng Spencer na ito. Nagulat siya nang dalhin siya ng driver sa *Public Attorney's Office*. Kung ganoon ay abogado pala ito.

Pagpasok niya sa building ay may nakabanggaan siyang isang babae, who turned out to be the same person he was looking for. Hindi niya inaasahan na isang babae pala ang Spencer na hinahanap niya. Especially not a woman who looked so damned sexy and elegant.

Nagulat ito nang magpakilala siya, halatang hindi nito inasahan ang pagdating niya. Nang makahuma ito sa pagkagulat ay dinala siya nito sa lobby ng building.

“Okay lang naman siguro kung dito na lang tayo mag-usap. Medyo magulo kasi sa loob ng cubicle ko, baka maalibadbaran ka lang,” anito. “By the way, I’m glad you finally decided to show up.”

Hindi naman nakalampas kay Marcus ang sarkasmo sa tinig nito. Maliban pala sa pagiging maganda ay matalas din ang dila nito. “For your benefit, sasabihin ko sa ’yo na n’ung isang araw ko lang nalaman ang tungkol sa nangyari kay Kuya. You don’t have any right to judge me.”

“I didn’t mean it that way. Sorry if I offended you,” kaswal na tugon ni Spencer. “So, ano ba’ng gusto mong pag-usapan tungkol kay Nathan?”

Napabuntong-hininga na lang siya. “First of all, I want to know what kind of attitude he has and how he deals with people.”

“Mabait naman siyang bata, ’yon nga lang kapag tinotopak ay grabe kung magwala.”

“What do you mean?”

Bago pa ito makasagot ay biglang tumunog ang cellphone nito. “Excuse me, I’ll just take this call.” Tumayo ang dalaga at lumayo nang kaunti sa kanya.

Habang nakikipag-usap ito sa cellphone, hindi niya mapigilang pagmasdan ito.

Spencer was really beautiful. Madami na siyang nakitang magagandang babae, pero iba talaga ang dating nito sa kanya. That’s why when he got the chance, he immediately flirted with her.

Her jet black eyes were full of conviction and confidence, halatang hindi ito iyong tipo na madaling sumuko. She had butter-soft skin in pale gold that only made her look exotic and feisty. But the thing he noticed most was her pair of legs that seemed to

go on forever.

Nang matapos ang tawag nito ay kaagad na lumapit sa kanya ang dalaga. “We need to leave.”

“Why?” takang tanong niya.

“Tinawagan ako ng guidance counselor sa school ni Nathan. Nasa principal’s office ’yung bata, mukhang may ginawang kalokohan. Kaya pinapapunta ako ngayon d’on. So, sasama ka ba?”

Gusto naman niyang mapailing. Kadarating pa lang niya, may problema na kaagad. “Of course I’ll go.”

Sakay ng kanyang kotse, tinahak na nila ang daan papunta sa eskuwelahan ni Nathan. Hindi mapigilan ni Spencer na mag-alala para sa binatilyo. *Ano naman kaya’ng ginawa ng batang ’yon?* Napasulyap siya sa katabi. Tiyak na magugulat si Nathan kapag nakita ito.

Hindi pa rin siya makapaniwala na ang katabi niya ngayon ay si Marcus Daza. Inaasahan niya kasi na hindi nalalayo ang edad nito sa kanyang ninong. Sa hitsura ni Marcus ay mukhang nasa early thirties pa lang ito. Bukod pa roon ay saksakan ito ng guwapo.

Pagdating sa eskuwelahan, inihimpil niya ang kotse sa parking lot. “Mas mabuti siguro kung ’wag ka nang sumama papasok sa loob,” baling niya sa binata.

“Bakit naman? I’m his guardian, I need to be there.”

“Baka kasi magulat lang si Nathan kapag nakita ka. Hindi siya sang-ayon na maging guardian ka niya. Kaya kapag nalaman niya kung sino ka, tiyak na magagalit iyon. Baka lalo lang lumala ang sitwasyon. Hintayin mo na lang kaming dalawa dito, okay?”

Hindi na niya hinintay na makasagot ito, kaagad na siyang bumaba sa kotse.

Pagpasok niya sa loob ng principal’s office, nandoon at naghihintay si Nathan. Nakaupo sa tapat nito ang isa pang estudyante na may malaking pasa sa mukha. Sa tabi ng huli ay nakatayo ang isang matabang ginang na mukhang kanina pa galit na galit. Ito siguro ang ina ng bata. Napabuntong-hininga siya, nakikini-kinita na kasi niya ang nangyari.

“Mabuti’t dumating ka na, Miss Hernandez,” anang principal.

“Ano po ba’ng problema, Ma’am?”

“Problema? Sinuntok lang naman ng magaling mong alaga ’tong anak ko!” sabad ng matabang ginang.

Sabi na nga ba. Tiningnan niya si Nathan. “Is that true?”

“He’s the one who started it,” sagot nito.

“Kaya kita pinatawag dito, Miss Hernandez, ay para pag-usapan ang naging behavior ni Nathan. You should know that we don’t tolerate violence in this school.”

“You should just expel him, Ma’am,” sabi ng ginang.

“Teka lang naman ho, Misis. Kilala ko si Nathan, hindi siya ’yung tipo na basta-basta na lang manununtok nang walang dahilan. I’m sure may sinabi o ginawa ’yang anak n’yo para i-provoke siya.”

“Aba’t...! Ang anak ko pa ngayon ang sinisisi mo?” singhal nito.

“Bakit hindi na lang natin tanungin ang anak n’yo?” Tiningnan niya ang batang katabi nito. “Young man, did you or did you not say something to provoke Nathan?” usisa niya, gamit ang boses na madalas niyang ginagamit kapag mayroon siyang hearing.

Hindi ito kaagad nakasagot. Halatang natakot sa kanya. Gusto man niyang maawa rito, hindi naman siya papayag na basta-basta na lang ma-expel si Nathan sa eskuwelahan.

“Answer the question,” mas mariin pa niyang sabi.

“Y-yes. M-meron po akong sinabi sa kanya. Ako po ang nagsimula ng away.”

Napasinghap naman ang matabang ginang sa narinig.

“There you have it, Principal. Malinaw na naman po siguro na hindi lang si Nathan ang may kasalanan dito. Kung tutuusin pa nga, it was this kid’s fault, kaya nangyari ang gulong ’to.”

Matapos ang ilang sandali pang pag-uusap, napagdesisyunan ng principal na parusahan pareho ang dalawang estudyante. Isang buwan na tutulong ang mga ito sa mga janitors sa paglilinis ng eskuwelahan. Mas mabuti na rin iyon kaysa sa expulsion o suspension. Matindi ang pagreklamo ng ina ng estudyanteng nanuntok, pero hindi na rin nito nabago ang desisyon ng principal.

“The best ka talaga, Spence. Para lang akong nasa courtroom kanina,” ani Nathan na umabrisete

pa sa kanya.

Naglalakad sila papunta sa parking lot. Dahil sa nangyari ay nagdesisyon ang principal na pauwiin na lang ang binatilyo nang maaga.

“Shut up, Nathan. This is the last time na gagawin ko 'to, kaya 'wag na 'wag mo na 'tong uulitin. Sa susunod na maulit pa 'to, hahayaan na talaga kitang ma-expel. Maliwanag ba?”

“Oo na po. Pero hindi ko naman talaga kasalanan ang nangyari.”

“Ano ba kasi'ng nangyari?”

“Matagal na kasi akong pinag-iinitan ng kaklase kong 'yon, eh. 'Tapos kanina he said something about me being an orphan. Hindi pa siya tumigil d'on, kung anu-ano pa ang sunod niyang sinabi. Kaya ayun napikon na 'ko.”

Napabuntong-hininga na lang siya. Napakaiksi talaga ng pisi ng pasensya nito. “Nathan, if you want to shut them up, 'wag mo agad gamitin 'yang kamao mo. Just glare at them or something. Trust me, it usually works.”

“Yes, Ma'am.”

Malayo pa lang sila ay tanaw na ng dalaga ang

bulto ni Marcus. Nakasandal ito sa labas ng kanyang kotse. Kahit nasa malayo ay hindi pa rin maitatatwa ang taglay nitong kaguwapuhan. Nang makalapit sila rito ay kaagad nitong pinagmasdan si Nathan.

“Is there going to be any problem?” tanong nito sa kanya.

“Wala, naayos ko na.”

“Who’s he? Your boyfriend?” curious na tanong ni Nathan.

Naasiwa siya sa narinig. “No, he’s not my boyfriend. He’s your uncle.”

Kitang-kita niya kung gaano nagulat ang anak ng kanyang ninong dahil sa sinabi niya. “What?”

“Just like what she said. My name is Marcus and I’m your uncle,” sabat ng binata.

Bago pa makapag-react ulit ang binatilyo, inunahan na niya ito. “Pumasok na kayong dalawa sa loob ng kotse. Ihahatid ko na kayo sa bahay para naman makabalik pa ’ko sa opisina.”

“I don’t want to go back with him.”

She glared at him. “Nathan. Inside. Now.”

Tinitigan muna siya nito bago padabog na

pumasok sa loob ng kotse.

“Looks like ayaw niya talaga sa 'kin,” nailing na saad ni Marcus.

Naawa siya rito. Tiyak na mahihirapan itong makuha ang loob ng pamangkin. “Sa umpisa lang 'yan. Sige na, pumasok ka na rin.”

Nang pareho na silang nakasakay sa kotse ay pinaandar na niya iyon. Habang nasa biyahe ay parehong tahimik lang ang dalawang lalaki. Nanatili ang katahimikan hanggang makarating na sila sa bahay.

Pagkababa ng mga ito, ibinaba niya ang bintana ng sasakyan at nagsabi, “Maiwan ko na kayo.” Tiningnan niya ang binatilyo. “And, Nathan, behave. Okay?” Nang hindi siya pansinin nito ay napabuntong-hininga na lang siya. Pinaandar na niya ang kotse at lihim na humiling na sana ay maging maayos ang lahat.

At naiwang nakatayo sa labas ng bahay ang magtiyo. Pasimpleng sinulyapan ni Marcus ang pamangkin. Sambakol pa rin ang mukha nito.

“Bakit ba kasi kailangan mo pang bumalik dito? I'm fine with Spence being my guardian. I don't need you,” anito.

You're All I Need - Sansa Esguerra

“But I’m already here at wala ka nang magagawa pa. So stop whining like a child and just accept the facts and live with it.”

Tiningnan lang siya nito ng masama pagkatapos ay padabog na itong pumasok sa loob ng bahay.

Napabuntong-hininga na lang ang binata. Mukhang pahihirapan talaga siya ng pamangkin niyang ito.

Napatingin siya sa langit. *You sure got one hell of a stubborn son, Kuya.*

3

Dahil sa pagdating ni Marcus, nagdesisyon si Spencer na bumalik na sa kanyang apartment. Pero parang hindi rin siya lumipat. Almost every other day kasi ay nasa bahay rin siya ng mga Daza at nagsisilbing referee sa pagbabangayan nina Marcus at Nathan.

Ibinigay niya ang number niya sa mga katulong doon at sinabihan ang mga ito na tawagan siya kaagad kapag may problema. If she had known na halos aaraw-arawin ng magtiyo ang pag-aaway, sana pala hindi na niya iyon ginawa.

And they've been at it for almost two weeks already.

Ilang beses na rin siyang pinilit ng mga katulong na roon na lang ulit tumira, pero tinanggihan lang niya ang mga ito. Not because of the inconvenience or Nathan's surly and continued resentment. She could handle all that. Ang hindi niya kayang matagalan ay ang tumira sa iisang bahay kasama si Marcus.

She hated him on principle. Sa tuwing pumupunta siya sa bahay ng mga ito, he would always flirt with her. But on some deeper, darker level, the very things

about him that irritated her fanned little flames in her gut that she could only describe as pure lust.

Lagi niyang ipinapaalala sa sarili na hindi siya iyong ganoong tipo ng babae. Yes, she was passionate. Pagdating sa trabaho, sa pamilya at sa ambisyon. But men, though she enjoyed their companionship and their basic maleness, had never been at the top of her list of priorities.

Sex was even lower than that. Kaya hindi niya talaga maintindihan kung bakit ganoon na lang ang nararamdaman niya kapag kasama niya si Marcus.

Nang makarating sa kanyang apartment, ipinarada niya sa driveway ang sasakyan. Paglabas niya roon, halos atakihin siya sa puso dahil sa biglang pagsulpot ni Marcus sa kanyang harapan.

“Where the hell have you been?”

“I... Damn it, you scared me to death! Ano ba’ng ginagawa mo dito at bigla-bigla ka na lang nasulpot d’yan?”

“Hinihintay ka. I’ve been calling you for hours, hindi mo man lang sinasagot ang cellphone mo.”

“Sorry, hindi ko kasi nadala ang phone ko sa work.” Sa sobrang pagmamadali niya kanina, hindi

niya namalayan na nakalimutan na niyang dalhin ang cellphone. “May problema ba?”

“Nathan took off.”

Natigil siya sa pagbubukas ng pinto dahil sa sinabi nito. “What do you mean ‘took off’?”

“Umalis siya kaninang umaga nang hindi man lang nagpapaalam sa ’kin. Naka-off ang phone niya, kaya hindi ko siya matawagan. Hanggang ngayon, hindi pa rin siya bumabalik. Hindi ko na alam kung saan ko siya hahanapin.”

“Relax. Baka naman kasama lang niya ’yung mga kaibigan niya. Don’t worry, tatawagan ko yung mga kabarkada niya.” Mabuti na lamang at mayroon siyang number ng mga kaibigan ni Nathan. “Pasok ka muna.”

Hindi ganoon kalaki ang loob ng apartment, tama lang para sa isang tao. Iyon kaagad ang napansin ni Marcus pagkapasok na pagkapasok niya sa loob. It was all female but not flouncy. Spencer wouldn’t go for flounce.

“I’ll make coffee,” anang dalaga. Ipinatong nito ang dalang briefcase sa mahabang sofa at dumerecho

sa adjoining kitchen.

“Okay.” Pinagmasdan niya ang kabuuan ng apartment. May isang mahabang sofa at isang maliit na television set. Pero ang pinakamapapansin talaga pagpasok sa loob ay ang malaking bookshelf na halos umokupa sa isang bahagi ng apartment. Hula niya karamihan sa mga iyon ay law books. “Hindi ko na talaga alam ang gagawin. What makes me think I can play daddy to a kid of Nathan’s age? Ngayon lang niya ako nakilala and it’s so obvious that he hates me.”

“You’re not playing daddy, you’re being his uncle,” pagtatama nito habang kumukuha ng tasa. “And he doesn’t hate you. Oo, siguro ngayon hindi ka pa niya masyadong tanggap. But through the course of time, I’m sure matatanggap ka rin niya. So stop feeling sorry for yourself, hindi bagay sa ’yo.”

“Is that how you cross-examine?” amused na turan niya.

“No, I’m much tougher than that in court.”

“I bet.”

“Hindi naman siguro kayo nag-away ni Nathan kagabi, right?” tanong nito habang naglalagay ng mainit na tubig sa tasa.

“Not really. As a matter of fact, we actually had a decent conversation last night without shouting or snarling at each other.”

Lumapit ito sa kanya at ibinigay ang isang tasa ng kape. “Ah, progress...”

“Kaya nga hindi ko maintindihan kung bakit bigla na lang siyang umalis ngayon nang hindi nagpapaalam sa ’kin. Maybe I’ve been too hard on him, kaya hanggang ngayon hindi ko pa rin makuha ang loob niya.”

“I told you, it will take time. At kung magiging maluwag ka sa kanya, tiyak na lalo ka lang niyang hindi susundin. Maupo ka na nga lang muna d’yan at tatawagan ko ang mga kaibigan ni Nathan.” Kinuha nito ang cellphone na nakapatong sa center table at lumayo nang kaunti sa kanya para simulan ang pagtawag sa mga kaibigan ng kanyang pamangkin.

Hindi talaga alam ni Marcus ang gagawin kung wala ito. Inaamin niya na kung hindi siguro ito laging pumapagitna sa tuwing nag-aaway sila ni Nathan, baka kung ano na ang nagawa niya sa binatilyo. Kapag nagkataon ay baka tuluyan na talaga siyang hindi matanggap nito. Kaya malaki talaga ang pasasalamat niya kay Spencer.

Napatingin siya sa dalaga nang marinig niya ang pagtaas ng boses nito. Napangiti siya. Gustung-gusto niyang naririnig ang tinig nito, lalo na kapag nagagalit o naiinis ito. Ilang beses na nga ba nitong nakaraang mga araw had he made up excuses just to call her?

Masyado nang madami. Iba kasi talaga ang dating nito sa kanya, and he wasn't sure whether he wanted to pry himself loose or be reeled in.

And the last thing he should do now was thinking of his libido. Ang kailangan niyang isipin ngayon ay si Nathan.

Ilang saglit pa ay nilapitan na siya ni Spencer. “Kasama nga ni Nathan ’yung mga kabarkada niya. Na-low batt daw ’yung phone niya kaya hindi mo siya matawagan. At pauwi na siya ngayon.”

Para namang nabunutan siya ng tinik dahil sa narinig, pero mabilis ding napalitan iyon ng matinding pagkainis. “That kid, when I get my hands on him—”

“Tatanungin mo siya nang maayos kung bakit hindi siya nagpaalam sa ’yo,” putol niya. “And to make sure you’ll do that, I’ll go with you.”

Kung hindi sasama si Spencer dito, tiyak na sa isang malaking away na naman hahantong ang lahat. Kung bakit kasi masyadong magkaugali ang magtiyo. Both were stubborn and temperamental. Kaya kaunting hindi lang pagkakaintindihan ay humahantong kaagad sa away.

Pagdating nila sa bahay ng mga Daza ay kaagad na tinanong ng binata ang isa sa mga katulong kung dumating na si Nathan.

“Opo, Sir, kadarating lang. Nand’on po siya sa kuwarto niya,” sagot nito.

Pumunta sila sa kuwarto ni Nathan. Hindi na nagabalang kumatok si Marcus at bagkus ay binuksan na lang nito ang pinto. Nandoon ang binatilyo at prenteng-prenteng nagbabasa ng magazine.

“I guess you have a good reason kung bakit ka umalis ngayong araw,” simula ng binata, halatang pinipigilan lang nito ang sarili na sigawan ang pamangkin.

“May lakad kami ng barkada.”

“We had an agreement,” Marcus said evenly. “Sinabi ko na sa ’yo sa umpisa pa lang na kung aalis ka ay dapat nagpapaalam ka sa ’kin. So why didn’t you?”

Tiningnan lang ito nang masama ni Nathan.
“What are you, my jailer now?”

“No, but I expect some respect from you. Simpleng pagpapaalam lang hindi mo pa kayang gawin.”

Nang tumaas na ang boses ng binata ay kaagad na pumagitna si Spencer sa dalawang lalaki. “Marcus, p’wede bang kausapin ko muna si Nathan? Sige na, lumabas ka muna.”

Isang marahas na buntong-hininga lang ang naisagot nito pagkatapos ay walang lingon-likod na itong lumabas ng kuwarto.

Umupo siya sa tabi ni Nathan at binigyan ito ng isang malakas na batok.

“What was that for?” angal nito habang sapo ang batok.

“For acting like a spoiled brat. Ikaw talaga, bakit ba lagi mo na lang iniinis si Marcus? Kaya lagi kayong nag-aaway.”

“Akala mo ba sinasadya ko ’yon? He just ticks me off.”

“Yeah, right. You should apologize to him.”

“Bakit ko naman gagawin ’yon?”

“Dahil halos mabaliw lang naman ’yung tao sa kahahanap sa ‘yo.” Natigilan ito dahil sa sinabi niya. “Alam mo, kung hindi mo talaga siya matanggap then just give him the respect that he deserves. He’s still your uncle at sa maniwala ka man o sa hindi, he cares for you.”

“H-hinanap ba talaga niya ako?”

Gusto niyang matawa dahil sa reaksyon nito. “Oo. Magagalit ba siya nang gan’on kung hindi? Kaya dapat ka talagang mag-sorry sa kanya.”

“Fine. I will apologize.”

“And, Nathan, please lang, ’wag mo na siyang i-provoke. Just at least try to act civil. Napapagod na rin naman akong pumunta dito palagi para lang maging referee sa away n’yo.”

Hindi sumagot ang kausap, pagkuwan ay tumingin ito sa kanya. “Spence, do you, do you think me and him can really be a family?”

Nahabag siya sa tanong ng binatilyo at sa uncertainty sa tinig nito. Kahit pa gaano ito umakto na matatag, isa pa rin itong bata na naghahanap ng kalinga. Nginitian na lamang niya ito. “Of course.”

Sinamahan na niya si Nathan sa study kung saan,

ayon na rin sa mga katulong, nandoon si Marcus. Nadatnan nila ito na nakaupo sa sofa at nagbabasa ng libro. He looked up when they entered the room.

“Tapos na ba kayong mag-usap?” tanong nito sa kanya.

“Yes, and Nathan has something to tell you.”

Binalingan nito ng tingin ang binatilyo.

“Sorry kung umalis ako nang hindi nagpapaalam.”

Bakas sa mukha ni Marcus ang pagkagulat, halatang hindi nito inaasahan na hihingi ng tawad ang pamangkin. “Okay, I guess. Basta ’wag mo na lang uulitin sa susunod. Papayagan naman kita kung magpapaalam ka nang maayos.”

“Okay.” Tumingin si Nathan sa kanya. “See you, Spence.” At lumabas na ito ng study.

Manghang napatingin lang sa kanya ang binata. “What did you do, hypnotize him?”

Umupo siya sa tabi nito at kinuha ang binabasa nitong libro. “Not exactly. Hindi ko alam na mahilig ka rin palang magbasa.”

“I read once in a while, to relieve stress. Alam mo, you really amaze me. Ikaw lang ’ata ang

nakakapagpasunod sa batang 'yon."

"That's only because he sees me as an older sister. Gan'on kasi siya pinalaki ni Ninong."

"Regardless, you're still amazing."

Magsasalita pa sana ang dalaga nang mapansin niya na sobrang lapit na pala ng mukha nito sa kanya. Mabilis na tumunog ang warning bells sa utak niya. "Kailangan ko nang umuwi," mabilis niyang saad. "May nine o'clock hearing pa 'ko bukas."

"Thahatid na kita."

"Hindi na kailangan."

"I'll take you," giit nito. Pero base sa tono ng pananalita nito parang hindi ang paghahatid sa kanya sa kanyang apartment ang tinutukoy nito kundi iba pang bagay. Hindi na niya namalayan na nakahawak na pala ang isang kamay nito sa kanyang baywang.

Kaagad niyang sinubukang itulak ito, pero mas mabilis pa rin siyang nahigit ni Marcus papalapit sa katawan nito. "Hindi ako pumunta dito para makipaglaro sa 'yo Marcus," pagpapaalala niya habang gasinulid na lang ang pagitan ng mga labi nila.

"I know." Pero sa halip na lumayo sa kanya, he

nipped at her lower lip, once, twice. Then he crushed his mouth to hers and devoured.

Dapat niya itong pigilan, itulak palayo sa kanya. Alam niya kung paano protektahan ang sarili mula sa unwanted advances. Ang problema lang, hindi niya alam kung paano poprotektahan ang sarili from advances she didn't want to want.

His mouth was so... avid. So impatient, so greedy, iniisip nga niya kung kaya ba siya nitong kainin nang buo. He used his lips and tongue and teeth devastatingly. Kung mayroon mang pagkakataon na maaari siyang makawala rito, hindi na niya inisip pa iyon. At tinugon na lamang niya ang halik nito.

Nakahanda na si Marcus na masampal o kaya ay masuntok dahil sa ginawa niya. Tatanggapin niya iyon at makokontento na lamang sa isang mabilis na halik. He had never been the type to take what wasn't offered willingly. But Spencer didn't offer. She exploded. Nang mas lumalim pa ang halik at nang magsimula itong tumugon, she pulled him far deeper into that hot well of desire. Ipinulupot nito ang mga kamay sa kanyang batok, pressing that incredibly lean and limber body against his na lalo lang nakapagpadagdag sa init na nararamdaman niya.

For a moment, ang tanging naiisip lang ni Spencer ay iyon ang gusto niya. Pero nang marinig niyang sabihin nito ang pangalan niya ay parang bumalik din siya sa realidad. She was grappling on a couch with a man she barely knew.

“No. Stop, I said no.”

Ilang sandali pa itong nanatili sa ganoong posisyon bago nito inangat ang mukha at tumingin sa kanya. “Why?”

“Dahil kabaliwan ito.” God, she could still taste him on her lips and the want for more of him was making her crazy. “Get off me.”

Lumayo ang binata sa kanya at tumayo. “Your call.” Naikuyom na lamang nito ang kamao. “I thought you said, hindi ka pumunta dito para makipaglaro.”

She was humiliated, furious and frustrated beyond belief. At ang tanging paraan lang na nakikita niya para itago ang lahat ng iyon ay ang magalit. “I don’t. *Ikaw* ang nagtulak sa sarili mo sa ’kin. The simple fact is, I’m not interested.”

“I guess that’s why you were kissing me so hard my teeth are loose.”

“You kissed me. And you’re so damn big I couldn’t

stop you.”

“A simple no did,” pagpapaalala nito. “Bakit hindi na lang tayo maging totoo dito? I’ve been wanting to kiss you and more since the first time I saw you. Siguro nga magkaiba tayo ng nararamdaman, but when I kissed you, you kissed me right back.”

Isang marahas na buntong-hininga ang kanyang pinakawalan at nagsimula na siyang maglakad palapit sa pinto. “Nangyari na ang nangyari, wala na tayong dapat pag-usapan pa.”

“Wrong. P’wede pa nating ituloy ang pag-uusap na ’to while I drive you back to your apartment.”

“No. Ayokong magpahatid sa ’yo. Kapag nagpumilit ka pa, I’ll have you arrested for harassment.”

“Try it.”

“Ano ba’ng problema mo? Can’t you take no for an answer?”

His response was to shove her back against the door and kiss the breath out of her. “If I didn’t, we wouldn’t be walking out of here right now when you’ve got me so wound up, I’m going to have to live in a cold shower for the next week.” Binuksan na nito ang pinto. “Ngayon, magpapahatid ka ba nang

You're All I Need - Sansa Esguerra

maayos o bubuhatin pa kita papunta sa kotse ko?”

Taas-noo niya itong nilampasan.